


# Pagbutihin ang Learning Experience sa Institute

# Pagbutihin ang Learning Experience sa Institute

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang mga komentaryo at pagwawasto ay pasasalamatan. Mangyaring ipadala ang mga ito, pati na ang mga pagkakamali, sa:

Seminaries and Institutes of Religion Information Services
50 East North Temple Street
Salt Lake City, Utah  84150-0008
USA
Email: si-research@ldschurch.org
Isulat lamang ang iyong buong pangalan, address, ward, at stake.

Tiyaking ibigay ang pamagat ng manwal. Pagkatapos ay ibigay ang iyong mga puna.

© 2016, 2017 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Bersyon 2, 3/17

Pagsang-ayon sa Ingles: 2/17
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 2/17
Pagsasalin ng *Institute Elevate Learning Experience*
Tagalog
PD60002572 893

# Mga Nilalaman

Pambungad . . . v
Mga Tanong sa Cornerstone Course . . . 1
The Eternal Family (Religion 200) . . . 3
Foundations of the Restoration (Religion 225) . . . 6
Jesus Christ and the Everlasting Gospel (Religion 250) . . . 10
Teachings and Doctrine of the Book of Mormon (Religion 275) . . . 14
Mga Tanong sa General Elective Course . . . 17
Course Study Journal . . . 20
Mga Gabay sa Personal na Proyekto sa Pagkatuto . . . 22
Pagtugon sa mga Pangangailangan ng mga Estudyanteng may Kapansanan . . . 23

# Pambungad sa Pagbutihin ang Learning Experience sa Institute

Ang layunin ng Pagbutihin ang Learning Experience (PLE) ay bigyan ng pagkakataon ang mga estudyante na magkaroon ng mga makabuluhang karanasan sa salita ng Diyos. Malamang na makamit ito ng mga estudyante kapag mas lubusan nilang nauunawaan, naipamumuhay, at naibabahagi ang mga turo ni Jesucristo. Ang pagkumpleto sa isa sa tatlong sumusunod na pagpipilian sa PLE ay kailangan para makatanggap ng credit sa bawat kurso:

1. Mga Tanong sa Pagbutihin ang Learning Experience: Pinag-iisipan at sinasagot ng mga estudyante ang mga tanong sa pag-aaral sa buong kurso. May partikular na mga tanong para sa bawat isa sa apat na mga Cornerstone class, gayundin sa lahat ng iba pang mga general elective course. Ang mga link sa mga tanong sa pag-aaral ay nasa ibaba.

   The Eternal Family (Religion 200)

   Foundations of the Restoration (Religion 225)

   Jesus Christ and the Everlasting Gospel (Religion 250)

   Teachings and Doctrine of the Book of Mormon (Religion 275)

   Mga General Elective Course

2. Course study journal: Regular na isinusulat ng mga estudyante ang natututuhan nila, kung paano nila ipinamumuhay ito, at paano pinatatatag ng kanilang mga karanasan ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo.

3. Personal na proyekto sa pagkatuto: Pinaplano at kinukumpleto ng mga estudyante ang isang personal na proyekto sa pagkatuto na inaprubahan ng kanilang titser. Ipinakikita ng proyekto ang pagkatuto at aplikasyon ng mga doktrina at alituntuning binanggit sa kurso at ibinibuod kung paano napatatag ang pananampalataya ng estudyante kay Jesucristo.

Para sa training kung paano gamitin ang Pagbutihin ang Learning Experience, panoorin ang video na "How to Use the Elevate Learning Experience" (LDS.org).

Makikinabang nang husto ang mga estudyante mula sa karanasang ito kung sisimulan nila ito nang maaga, palaging gagawin ito, hihingi ng feedback, at ibabahagi ang kanilang mga karanasan sa kanilang pamilya at mga kaibigan, personal man o sa social media. Maaaring maglaan ng oras sa klase para mabigyan

ang mga estudyante ng mga pagkakataon na ipaliwanag, ibahagi, at patotohanan ang natutuhan nila tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo. Pagkatapos ng bawat klase, maaaring dagdagan o baguhin ng mga estudyante ang kanilang personal na mga proyekto sa pagkatuto para ipakita ang kanilang sariling pang-unawa at aplikasyon ng mga tinalakay na alituntunin ng ebanghelyo.

Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa Mga Madalas Itanong (FAQ) tungkol sa Pagbutihin ang mga Learning Experience para sa Institute.

Ipadala lamang ang feedback sa si-research@ldschurch.org.

# Mga Tanong sa Cornerstone Course

## Mga Tagubilin sa Titser



Ang Pagbutihin ang Learning Experience na ito ay para sa mga institute student na kumukuha ng Cornerstone course. Ang learning experience na ito ay binubuo ng isang set ng mga tanong na mahalagang gabay sa mga itinakdang babasahin at partisipasyon sa klase. Ang sagot ng mga estudyante ay hindi kailangang mahaba, ngunit dapat makita dito ang buong pagsisikap ng mga estudyante. Sa tulong mo, ang mga estudyante ay inaanyayahang isulat, rebyuhin, baguhin, at isumite ang mga sagot sa mga tanong na ito sa buong panahon ng pagkuha ng kurso. Bagama't hinihikayat ang mga estudyante na isulat ang kanilang mga sagot sa labas ng klase, maaari kang magpasiya na mag-ukol ng oras sa klase para gawin ito.

Bagama't marami sa mga detalye sa pangangasiwa at pag-follow up ang kailangang iakma sa indibiduwal na mga programa, ang sumusunod na mga hakbang ay makakatulong sa iyo at sa iyong mga estudyante na magkaroon ng magandang karanasan.

1. *Maghanda:* Bago magsimula ang kurso, magtakda ng petsa ng pagrerebyu at ng deadline ng pagsusumite ng mga estudyante ng kanilang mga sagot sa bawat tanong. Maaaring gusto ng ilang instructor na rebyuhin o isumite ang lahat ng mga sagot sa isang araw malapit sa katapusan ng semestre; maaari namang magpasiya ang iba na rebyuhin at isumite ang mga sagot nang paisa-isa sa buong kurso. Tiyaking natalakay mo na ang kailangang materyal ng kurso bago mo atasan ang mga estudyante na sagutin ang mga tanong na may kaugnayan sa materyal na iyon.

2. *Magtakda ng malinaw na inaasahan:* Sa simula ng kurso, bigyan ang mga estudyante ng kopya ng Pagbutihin ang Learning Experience. Mag-ukol ng ilang minuto para ipaliwanag nang mabuti ang layunin at mga aasahan sa karanasang ito, kabilang na ang mga petsa sa pagrerebyu ng materyal ng kurso at pagsusumite ng mga sagot.

3. *Mag-follow up:* Sa buong kurso, palaging hikayatin at tulungan ang lahat ng estudyante sa pagkumpleto nila ng Pagbutihin ang Learning Experience bago sumapit ang takdang petsa ng pagsusumite.

4. *Magrebyu:* Para sa mga araw na nag-iskedyul ka ng rebyu, anyayahan at ipaalala sa mga estudyante na dalhin sa klase ang kanilang mga sagot. Ang layunin ng rebyu ay tulungan ang mga estudyante na suriin ang kanilang mga sagot at ibahagi ang natutuhan nila. Maaaring makinabang ang mga estudyante sa pagrerebyu ng ginawa ng isa't isa bilang magkakapares o sa maliliit na grupo.

Magagawa mong mas maging makabuluhan ang rebyu kapag inanyayahan mo ang mga estudyante na ipaliwanag, ibahagi, at patotohanan ang natutuhan nila (tingnan sa *Gospel Teaching and Learning: A Handbook for Teachers and Leaders in Seminaries and Institutes of Religion* [2012], 10). Dapat kang mag-ukol ng 10 hanggang 15 minuto sa bawat tanong sa panahon ng rebyu. Hinihikayat ang mga estudyante na baguhin ang mga sagot nila kung kailangan bago nila isumite ang kanilang mga sagot.

5. *Isumite:* Sa pagtatapos ng kurso, isinusumite ng mga estudyante ang kanilang mga sagot sa iyo. Nakumpleto ng mga estudyante ang Pagbutihin ang Learning Experience kapag ginawa nila ang lahat, ayon sa ebalwasyon ng titser, para isulat, baguhin, at isumite ang kanilang mga sagot sa lahat ng tanong para sa kurso. Irekord ang mga nagsumite ng kanilang mga sagot sa WISE Gradebook.

*Paalala:* Tiyakin na ang mga estudyanteng may partikular na mga pangangailangan, kapansanan, o problema sa kalusugan ay mabibigyan ng tulong na kailangan nila para makabahagi sa assessment na ito gaya ng mga kaklase nila. Maaaring kabilang sa mga tulong ang pagbibigay ng malalaking print o audio version ng mga materyal, pagpapahintulot sa mga estudyante na makumpleto ang sagot sa tulong ng iba, pagpayag na sabihin nila ang sagot sa halip na isulat ito, o idikta ang kanilang mga sagot sa isang tagasulat o recorder. Magpunta sa lds.org/topics/disability para makita ang pangkalahatang impormasyon sa pagtulong sa mga taong may kapansanan.

## Mga Tagubilin sa Estudyante

Ang Pagbutihin ang Learning Experience ay binubuo ng isang set ng mga tanong na mahalagang gabay sa partisipasyon mo sa klase at pag-aaral mo ng mga takdang babasahin. Ang pagsagot sa mga tanong sa buong panahon ng pagkuha ng kurso ay tutulong sa iyo na palalimin ang iyong pang-unawa at aplikasyon ng ebanghelyo habang pinag-iisipan mo at ibinabahagi ang natutuhan mo. Kumpletuhin ang sumusunod na mga hakbang para sa bawat tanong:

1. *Sumulat* ng isang maayos na sagot sa bawat tanong gamit ang sarili mong mga salita. Suportahan ng mga talata sa banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta ang mga sagot mo. Tiyakin na ang iyong mga sagot ay naaangkop na ibahagi.

2. *Rebyuhin* ang mga sagot mo sa pamamagitan ng pagdadala ng mga ito sa klase sa (mga) petsang ibinigay ng iyong titser.

3. *Baguhin* ang mga sagot mo batay sa mga rebyu, kung kinakailangan.

4. *Isumite* ang huling sagot mo sa lahat ng tanong bago sumapit ang (mga) petsang ibinigay ng iyong titser.

Ang mga sagot mo ay dapat kumpletuhin sa labas ng klase maliban kung iba ang sinabi ng inyong titser. Kung may partikular kang pangangailangan, kapansanan, o problema sa kalusugan, kausapin ang titser mo para matulungan ka niyang makumpleto ang karanasang ito. Nais ng titser mo na magtagumpay ka sa karanasang ito at handa siyang tulungan ka.

# The Eternal Family (Religion 200)

## Mga Tanong



1. Bakit ang pamilya ang sentro sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit?

   Dapat kasama sa sagot mo ang:

   - Deskripsyon ng pangunahing layunin ng plano ng kaligtasan.
   - Paliwanag kung paano makatutulong ang mabubuting pamilya na isakatuparan ang mga layuning iyon sa buong kawalang-hanggan.
   - Paliwanag kung bakit mahalaga ang doktrina ng pamilya sa iyo at sa iyong walang-hanggang pag-unlad.
   - Paliwanag kung paano nakaapekto sa mga pagpili mo sa buhay ang iyong pagkaunawa sa ginagampanang papel ng pamilya sa plano ng kaligtasan.

2. Ano ang mga pamantayan ng Panginoon sa kasal?

   Dapat kasama sa sagot mo ang paliwanag tungkol sa:

   - Banal na papel at mga responsibilidad ng mga mag-asawa at mga magulang.
   - Papel na ginagampanan ng Tagapagligtas sa kasal at pamilya.
   - Mga batas na sumasaklaw sa kalinisang-puri at katapatan sa pagsasama ng mag-asawa at ang walang-hanggang katangian ng mga batas na iyon.
   - Mga paraan na maipamumuhay mo ang mga alituntuning ito upang makapaghanda para sa o mapagbuti mo pa ang pagsasama ninyong mag-asawa at ng pamilya.

3. Paano nagkaroon ng positibong epekto ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" (*Ensign* o *Liahona,* Nob. 2010, 129) sa iyong buhay sa kabuuan ng kursong ito?

   Maaari mong gawing batayan o ikonekta ang mga ideya mula sa iyong naunang mga sagot o magsulat tungkol sa isang bagong paksa. Dapat kasama sa sagot mo ang:

   - Paliwanag tungkol sa isang partikular na alituntunin o doktrina mula sa paghahayag ng pamilya, na may kasamang paliwanag gamit ang mga banal na kasulatan o mga salita ng mga propeta sa mga huling araw.
   - Isang halimbawa kung paanong ang pagsunod sa payo ng mga propeta ay nakatulong para mas maunawaan mo ang alituntunin o doktrinang pinili mo.

- Mga halimbawa ng mga pagpapalang natanggap mo o ng ibang tao sa pakikinig sa payo na nasa paghahayag tungkol sa mag-anak.
- Deskripsyon ng gagawin mo para mas lalong mamuhay nang naaayon sa alituntunin o doktrinang pinili mo.

## Mahahalagang Punto ng Doktrina

Ang sumusunod na impormasyon ay tinipon gamit ang mahahalagang punto na nasa mga lesson para sa kursong ito. Ang mga numero na nasa mga panaklong na kasunod ng mga sipi o quotation ay nagsasaad ng lesson number sa *The Eternal Family Teacher Manual* (2015) kung saan matatagpuan ang pahayag. Ikumpara ang iyong sagot sa impormasyon na nasa ibaba. Kung mayroong mahalagang punto ng doktrina mula sa rebyu na ito na hindi mo isinama sa iyong sagot, isiping baguhin ang iyong sagot bago ito isumite. Hindi mo kailangang kopyahin ang bawat salita ng impormasyong ito sa iyong sagot; tiyakin lamang na nauunawaan mo ang mga doktrinang ito at naipapahayag mo ang pang-unawang ito. Dahil ang ika-3 tanong ay nangangailangan ng mas personal na sagot, walang mga pangunahing punto para sa tanong na iyon.

1. Bakit ang pamilya ang sentro sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit?

   Ang mga pangunahing layunin ng plano ng kaligtasan ay:

   - "Ang plano ng Ama sa Langit ay nagbibigay daan para maging katulad tayo ng ating mga Magulang sa Langit" (3).
   - "Ang daigdig ay nilikha para tumulong na maisakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang-hanggan ng tao" (4).

   Paano nakatutulong ang mabubuting pamilya na maisakatuparan ang mga layuning iyon sa buong kawalang-hanggan:

   - "Ang mag-anak ay napakahalagang bahagi sa plano ng Diyos para sa buhay bago ang buhay na ito, sa buhay na mortal, at sa buhay na walang-hanggan" (6).
   - "Dahil sa Pagkahulog, sina Eva at Adan ay maaaring magkaroon ng mga anak at ang kanilang inapo ay maaaring sumulong tungo sa buhay na walang hanggan" (4).
   - "Taglay ang katawang pisikal, nararanasan natin ang mga kondisyon ng mortalidad na makapaghahanda sa atin sa kawalang-hanggan" (5).
   - "Sa pagpasok natin sa bago at walang hanggang tipan ng kasal, maaari tayong dakilain sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal" (15).

2. Ano ang mga pamantayan ng Panginoon sa kasal?

   Ang banal na papel at responsibilidad ng mga mag-asawa at mga magulang:

   - "Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129).
   - "Kapag ang mag-asawa ay nagluwal ng anak sa mundo, tinutupad nila ang isang bahagi ng plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit" (17).

- "Ang mga magulang ay inutusang turuan ang kanilang mga anak na mahalin at paglingkuran ang bawat isa, na sundin ang mga kautusan ng Diyos, at maging mabubuting mamamayan" (22).

Ang papel na ginagampanan ng Tagapagligtas sa kasal at pamilya:

- "Ginawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na matanggap natin ang lahat ng ipinangakong mga pagpapala ng ating Ama sa Langit" (24).
- "Kapag itinayo ng mga pamilya ang kanilang pundasyon kay Jesucristo, si Satanas ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan na sirain sila" (19).

Mga batas na sumasaklaw sa kalinisang-puri at katapatan sa kasal at ang walang hanggang katangian ng mga batas na iyon:

- "Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129).
- "Iniutos ng Diyos na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 129) (16).
- "Ang mga pagbabago sa batas sibil ay hindi magpapabago, at tunay na hindi nito kayang baguhin, ang batas na moral na itinakda ng Diyos. Umaasa ang Diyos na itataguyod at susundin natin ang Kanyang mga kautusan anuman ang magkakaibang opinyon o kalakaran sa lipunan" (sinipi sa Gospel Topics, "Same-Sex Marriage," lds.org/topics) (7).

# Foundations of the Restoration (Religion 225)



## Mga Tanong

1. Paano ko makikilala ang katotohanan laban sa kamalian?

   Dapat kasama sa sagot mo ang:

   - Ginagampanang papel ng mga banal na kasulatan, ng mga salita ng mga makabagong propeta, at ng Espiritu Santo sa pagpapatibay ng katotohanan.
   - Paano ka matutulungan ng pag-aaral, pananampalataya, at panalangin na malaman ang katotohanan.
   - Paano hanapin, suriin, at gamitin ang mapagkakatiwalaang mga sanggunian sa kasaysayan ng Simbahan at ang inihayag na doktrina nito.
   - Paano mo maipamumuhay ang mga alituntuning natutuhan mo sa pagkilala ng katotohanan laban sa kamalian sa pagharap mo o ng isang taong kakilala mo sa isang desisyon, hamon, o problema.

2. Bakit mahalaga na maunawaan ko na si "Joseph Smith … ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito"? (D at T 135:3).

   Dapat kasama sa sagot mo ang:

   - Ang papel na ginagampanan ng Unang Pangitain sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo at sa pagbubukas ng dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon.
   - Kung paano napagpala ang buhay mo ng ipinanumbalik na katotohanan sa pamamagitan ni Joseph Smith.
   - Kung paano napagpala ang buhay mo ng mga susi ng priesthood o ng nakapagliligtas na mga ordenansang ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith.
   - Kung paano ka mas inilapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ng papel na ginampanan ni Joseph Smith sa Pagpapanumbalik.

3. Paano napagpala ng isa sa mga sumusunod na mahahalagang pangyayari o doktrina ng Pagpapanumbalik ang buhay mo?

   a) Ang paglabas ng Aklat ni Mormon, b) mahahalagang bahagi at doktrina sa Doktrina at mga Tipan, c) ang inihayag na organisasyon ng Simbahan, d) ang panunumbalik ng priesthood, e) mga templo at gawain sa templo. Dapat kasama sa sagot mo ang:

- Natutuhan mo tungkol sa pangyayari o doktrinang ito mula sa partisipasyon mo sa kursong ito.
- Paano ipinakikita ng pangyayari o doktrinang ito na bukas ang kalangitan.
- Paano napagpala ng pangyayari o doktrinang ito ang iyong buhay o bakit mahalaga ito sa iyong personal na buhay.
- Ang iyong patotoo sa natutuhan mo tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

## Mahahalagang Punto ng Doktrina

Ang sumusunod na impormasyon ay tinipon gamit ang mahahalagang punto na nasa mga lesson para sa kursong ito. Ang mga numero na nasa mga panaklong na kasunod ng mga sipi o quotation ay nagsasaad ng lesson number sa *Foundations of the Restoration Teacher Manual* (2015) kung saan matatagpuan ang pahayag. Ikumpara ang iyong sagot sa impormasyon na nasa ibaba. Kung mayroong mahalagang punto ng doktrina mula sa rebyu na ito na hindi mo isinama sa iyong sagot, isiping baguhin ang iyong sagot bago ito isumite. Hindi mo kailangang kopyahin ang bawat salita ng impormasyong ito sa iyong sagot; tiyakin lamang na nauunawaan mo ang mga doktrinang ito at naipapahayag mo ang pang-unawang ito. Dahil ang ika-3 tanong ay nangangailangan ng mas personal na sagot, walang mga pangunahing punto para sa tanong na iyon.

1. Paano ko makikilala ang katotohanan laban sa kamalian?

   Ang papel na ginagampanan ng mga banal na kasulatan, mga salita ng mga propeta ngayon, at inspirasyon mula sa Espiritu Santo sa pagpapatibay ng katotohanan:

   - Bilang kasama ng Biblia, “ang Aklat ni Mormon at ang Doktrina at mga Tipan ay inilabas para sa kaligtasan ng sanlibutan” (22).
   - “Matutulungan tayo ng Espiritu Santo na malaman na ang mga bagay na binabasa natin ay totoo” (10).
   - “Kung pakikinggan natin ang mga salita ng propeta, poprotektahan tayo laban sa kaaway” (9).
   - Kapag ang mga lingkod ng Panginoon ay nagsasalita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang kanilang mga salita ay nagpapahayag ng kalooban ng Panginoon” (12).

   Paano ka matutulungan ng pag-aaral, pananampalataya, at panalangin na malaman ang katotohanan:

   - “Kapag isinasama natin ang pananampalataya sa proseso ng pagkatuto, nagiging karapat-dapat tayo sa tulong ng Panginoon” (10).
   - “Mahahanap natin ang mga sagot sa pinakamalalaki nating tanong kapag sinusunod natin ang mga kautusan, pinag-aaralan ang wastong pinagmumulan ng impormasyon—lalo na ang mga salita ng nabubuhay na mga propeta—paghahangad ng patnubay sa pamamagitan ng panalangin, at pagtitiyaga at pagsampalataya” (10).

- "Kapag nahaharap tayo sa mga tanong o pag-aalinlangan tungkol sa ebanghelyo, dapat nating panghawakan ang alam na nating totoo at magtiwala na maaari tayong makahanap ng sagot sa dagdag na pag-aaral o na ihahayag ng Diyos ang sagot sa hinaharap" (4).

Paano hanapin, suriin, at gamitin ang mapagkakatiwalaang sources:

- "Maaari nating paalalahanan ang taos-pusong nagtatanong na ang impormasyon sa Internet ay walang filter ng 'katotohanan'. Ang ilang impormasyon, kahit nakakakumbinsi, ay hindi totoo" (10; Neil L. Andersen, "Joseph Smith," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2014, 29).
- "Para maiwasang malinlang ng mali o nakaliligaw na impormasyon, ang mga naghahanap ng katotohanan ay dapat hanapin ang mapagkakatiwalaang mga mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa Simbahan at sa kasaysayan nito" (2).
- "Kapag sinimulan nating sukatin ang mga makabagong kaugalian at panukala laban sa nalalaman natin ukol sa plano ng Diyos at sa mga saklaw ng salita ng Diyos at mga turo ng Kanyang nabubuhay na mga propeta, … alam natin na inilalagay tayo nito sa ligtas na lugar sa walang-hanggan" (10; Dallin H. Oaks, "As He Thinketh in His Heart" [An Evening with a General Authority, Peb. 8, 2013], lds.org/broadcasts).

2. Bakit mahalaga na maunawaan ko na si "Joseph Smith … ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito"? (D at T 135:3).

   Ang papel na ginagampanan ng Unang Pangitain sa Pagpapanumbalik ng ebanghelyo at sa pagbubukas ng dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon:

   - "Ang mga walang-hanggang katotohanan ay ipinanumbalik sa lupa nang magpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith" (2).
   - Kapag nagkaroon tayo ng patotoo na nakita ni Joseph Smith ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, malalaman din natin ang katotohanan ng Panunumbalik ng ebanghelyo" (2).
   - "Si Joseph Smith ay tinawag ng Diyos upang ipanumbalik ang ebanghelyo para sa ating dispensasyon" (1).

   Paano napagpala ang iyong buhay ng isang katotohanang ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith:

   - "Si Jesucristo ay isang buhay at niluwalhating nilalang. Si Jesucristo ang Bugtong na Anak ng Ama. Si Jesucristo ang Manlilikha ng daigdig na ito at ng iba pang mga daigdig" (13).
   - "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang tanging totoo at buhay na simbahan sa mundo" (6).
   - "Bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, mayroon tayong potensyal na maging katulad Niya" (17).

- "Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, inihayag ng Panginoon ang karagdagang banal na kasulatan na nagpapatunay, naglilinaw, at nagpapalawak sa ating kaalaman hinggil sa katotohanan" (12).

Ang mga susi ng priesthood o nakapagliligtas na mga ordenansa na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith at kung paano napagpala ng mga ito ang iyong buhay:

- Tinanggap ni Joseph Smith "ang mga susi ng gawaing misyonero, walang hanggang mga pamilya, at gawain sa templo" (14).
- "Bago mabinyagan ang mga indibiduwal, kailangan silang magpakumbaba, magsisi, handang taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ni Jesucristo, at maging determinadong maglingkod sa Kanya hanggang sa wakas" (6).
- "Upang matamo ang pinakamataas na antas ng kaluwalhatian sa kahariang selestiyal, kailangan tayong pumasok sa bago at walang hanggang tipan ng kasal" (19).

# Jesus Christ and the Everlasting Gospel (Religion 250)

## Mga Tanong



1. Ano ang matututuhan ko mula sa Tagapagligtas tungkol sa pagsunod sa kalooban ng Ama sa Langit?

   Dapat kasama sa sagot mo ang:

   - Mga turo o halimbawa mula sa walang hanggang ministeryo ng Tagapagligtas na nagpapakita ng Kanyang pagsunod sa Ama sa Langit.
   - Ang kaugnayan ng pagiging masunurin ni Jesus sa Ama sa Langit sa iyong pagiging disipulo.
   - Bakit mahalaga sa iyo ang halimbawa ng pagsunod ng Tagapagligtas at paano ka Niya matutulungan na gawin ang mga hakbang na kailangan mo upang mapatatag ang iyong pagkadisipulo.
   - Paano nakatutulong sa iyo ang halimbawa ng pagsunod ng Tagapagligtas sa pagsunod sa kalooban ng Ama sa Langit.

2. Bakit kailangan ko ang Tagapagligtas?

   Dapat kasama sa sagot mo ang:

   - Mga pangunahing hadlang na kailangan nating lampasan dahil sa ating nahulog na kalagayan.
   - Paano tumutulong ang iba-ibang papel na ginagampanan ng Tagapagligtas sa Kanyang walang hanggang ministeryo sa mga anak ng Ama sa Langit na malampasan ang mga balakid na ito.
   - Ano ang kailangan nating gawin para matanggap at anyayahan ang tulong ng Tagapagligtas.
   - Isang paraan o higit pa na nadama mo ang banal na tulong ng Tagapagligtas sa iyong buhay sa pagdaig sa mga hamon at balakid.

3. Ano ang natutuhan ko sa kursong ito tungkol kay Jesucristo at sa walang hanggang ebanghelyo na nagpala sa buhay ko?

   Maaari mong gawing batayan o ikonekta ang mga ideya mula sa iyong naunang mga sagot o magsulat tungkol sa isang bagong paksa.

   - Sa isa o dalawang pangungusap, banggitin ang doktrina na natutuhan mo.

- Ipaliwanag ang doktrinang ito gamit ang mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan o mga salita ng mga propeta.
- Ibahagi kung paano napagpala ng mga turo, halimbawa, o Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang iyong buhay.
- Isulat ang iyong patotoo sa natutuhan mo tungkol kay Jesucristo at sa walang hanggang ebanghelyo.

## Mahahalagang Punto ng Doktrina

Ang sumusunod na impormasyon ay tinipon gamit ang mahahalagang punto na nasa mga lesson para sa kursong ito. Ang mga numero na nasa mga panaklong na kasunod ng mga sipi o quotation ay nagsasaad ng lesson number sa *Jesus Christ and the Everlasting Gospel Teacher Manual* (2015) kung saan matatagpuan ang pahayag. Ikumpara ang iyong sagot sa impormasyon na nasa ibaba. Kung mayroong mahalagang punto ng doktrina mula sa rebyu na ito na hindi mo isinama sa iyong sagot, isiping baguhin ang iyong sagot bago ito isumite. Hindi mo kailangang kopyahin ang bawat salita ng impormasyong ito sa iyong sagot; tiyakin lamang na nauunawaan mo ang mga doktrinang ito at naipapahayag mo ang pang-unawang ito. Dahil ang ika-3 tanong ay nangangailangan ng mas personal na sagot, walang mga pangunahing punto para sa tanong na iyon.

1. Ano ang matututuhan ko mula sa Tagapagligtas tungkol sa pagsunod sa kalooban ng Ama?

   Mga turo o halimbawa mula sa ministeryo ng Tagapagligtas na nagpapakita ng Kanyang pagsunod sa Ama sa Langit:

   - "Pinili si Jehova mula pa sa simula. Ang isang dahilan kung bakit pinili si Jehova ay dahil hinangad Niyang gawin ang kalooban ng Ama at ibigay ang lahat ng kaluwalhatian sa Ama" (2).
   - "Bagaman [si Jesucristo] ay walang kasalanan, bininyagan siya upang gawin ang buong katuwiran" (8; "Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw," *Ensign* o *Liahona,* Abr. 2000, 2).
   - "Kinailangan sa plano ng kaligtasan na maging lubos na masunurin si Jesus upang maisagawa ang Pagbabayad-sala" (9).
   - "Wala akong ginagawa sa aking sarili; kundi … ayon sa itinuro sa akin ng Ama … ; sapagka't ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa kaniya'y nakalulugod" (Juan 8:28–29).

   Ang kaugnayan ng pagkamasunurin ni Jesus sa Ama sa pagiging disipulo mo:

   - "Tulad ng Tagapagligtas, isinasakatuparan natin ang kabutihan kapag nagpapailalim tayo sa mga ordenansa at tipan ng walang hanggang ebanghelyo" (8).
   - "Ang pagiging disipulo ni Jesucristo ay nangangailangan ng pagsunod at sakripisyo. … Kailangan sa pagkadisipulo ang ating patuloy na kahandaang talikuran ang lahat at sundin si Jesucristo" (10).

- "Maaari tayong magkaroon ng lakas na daigin ang tukso at maging masunurin sa pagsunod sa halimbawa ni Jesucristo na paghahangad na gawin ang kalooban ng Ama sa halip na ang kalooban natin" (9).

2. Bakit kailangan ko ang Tagapagligtas?

   Ang mga pangunahing hadlang na kailangan nating lampasan dahil sa ating nahulog na kalagayan:

   - "Dinaranas nating lahat ang espirituwal na kamatayan, dahil nawalay tayo sa piling ng Diyos, at tayong lahat ay sumasailalim sa temporal na kamatayan, na siyang kamatayan ng pisikal na katawan (tingnan sa Alma 42:6–9; D at T 29:41–42)" (*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2006], 112).
   - "Sa ating nahulog na kalagayan, sumasailalim tayo sa kalaban at tukso. Kapag nagpapatangay tayo sa tukso, inilalayo natin ang ating sarili sa Diyos (tingnan sa Mga Taga Roma 3:23)" (*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo,*12).

   Paano tumutulong ang iba't ibang papel na ginagampanan ng Tagapagligtas sa Kanyang walang hanggang ministeryo sa mga anak ng Ama sa Langit na malampasan ang mga balakid na ito:

   - "Nilikha ni Jehova ang mundo upang maglaan ng lugar kung saan maaaring mamuhay at umunlad ang mga anak ng Diyos tungo sa buhay na walang hanggan" (4).
   - "Bilang Bugtong na Anak ng Diyos sa laman, naisagawa ni Jesucristo ang Nagbabayad-salang sakripisyo, kung saan kinailangan Niyang tiisin ang higit sa kayang tiisin ng isang taong mortal, at nang sa gayon ay magampanan ang Kanyang papel sa plano ng Ama" (7).
   - "Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, makatatanggap tayo ng kapanatagan at lakas sa pamamagitan ng Espiritu Santo upang mapagtiisan ang 'mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso' (Alma 7:11)" (16).
   - "Dahil sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, lahat ng isinilang sa mortalidad ay mabubuhay na mag-uli" at ibabalik sa piling ng Diyos upang hatulan (19).
   - "Habang nasa daigdig ng mga espiritu, inorganisa ni Jesus ang gawain ng kaligtasan para sa mga patay" (18).
   - "Si Jesucristo ang ating Tagapamagitan sa Ama" (24).
   - "Hahatulan tayo ng Tagapagligtas batay sa ating mga salita, kaisipan, at mga hangarin ng ating puso" (26).

   Ang kailangan nating gawin para matanggap at maanyayahan ang tulong ng Tagapagligtas:

   - "Madaraig natin si Satanas sa pamamagitan ng pag-asa kay Jesucristo, na nagsagawa ng Pagbabayad-sala, at sa pagbabahagi at pagiging tapat sa ating patotoo" (3).

- "Sa pagpiling gawing sentro ng ating buhay ang Tagapagligtas habang narito tayo sa lupa, magkakamit tayo ng mas malalaking pagpapala sa kawalang-hanggan" (2).
- "Kung mapanalangin tayong makikibahagi ng sakramento at may pagsisisi sa ating espiritu, makatatanggap tayo ng kapatawaran ng mga kasalanan, tulad noong nabinyagan tayo" (15).
- "Sa pagtanggap natin kay Jesucristo at sa paggawa at pagtupad ng mga tipan na susundin ang mga kautusan ng Diyos, tayo ay nagiging mga anak na lalaki at anak na babae ni Cristo" (24).

# Teachings and Doctrine of the Book of Mormon (Religion 275)

## Mga Tanong



1. Ano ang papel ng Aklat ni Mormon sa iyong buhay?

   Dapat kasama sa sagot mo ang:

   - Mga pangunahing layunin ng Aklat ni Mormon at ang papel nito sa pagpapatibay ng katotohanan.
   - Ang ipinangakong mga pagpapala sa mga taong mag-aaral ng Aklat ni Mormon.
   - Bakit mahalagang maunawaan ang banal na pinagmulan ng Aklat ni Mormon.
   - Mga pagpapalang nakita mo, nadama, o naranasan sa pag-aaral mo ng Aklat ni Mormon sa kursong ito.
   - Paano huhusay ang iyong pag-aaral at pamumuhay ng mga aral ng Aklat ni Mormon, batay sa karanasan mo sa kursong ito.

2. Ayon sa Aklat ni Mormon, paano ginawang posible ni Cristo na matamo mo ang kadakilaan?

   Dapat kasama sa sagot mo ang:

   - Isang paliwanag tungkol sa doktrina ni Cristo at mga ipinangakong pagpapala sa mga taong sumusunod dito.
   - Paano nadaig ni Cristo ang espirituwal at pisikal na mga balakid para sa bawat isa sa atin.
   - Paano lumago ang iyong pagpapahalaga at katapatan kay Jesucristo sa kursong ito.
   - Ano ang ginagawa mo para ipakita na tinatanggap mo si Jesucristo bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas.

3. Anong mga katotohanan sa Aklat ni Mormon ang nagkaroon ng impluwensya sa iyo?

   Maaari mong gawing batayan o ikonekta ang mga ideya mula sa iyong naunang mga sagot o magsulat tungkol sa isang bagong paksa.

   - Maglista ng tatlo o limang alituntunin o doktrina mula sa Aklat ni Mormon na natutuhan mo o naging makahulugan sa iyo dahil sa partisipasyon mo sa kursong ito.

- Mula sa iyong listahan, pumili ng isang alituntunin o doktrina at ipaliwanag itong mabuti, gamit ang mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta.
- Ibahagi kung bakit mahalaga sa iyo ang alituntunin o doktrinang ito at paano ka kikilos ayon dito.
- Isulat ang iyong patotoo tungkol sa natutuhan mo sa pag-aaral mo ng Aklat ni Mormon sa kursong ito.

## Mahahalagang Punto ng Doktrina

Ang sumusunod na impormasyon ay tinipon gamit ang mahahalagang punto na nasa mga lesson para sa kursong ito. Ang mga numero na nasa mga panaklong na kasunod ng mga sipi o quotation ay nagsasaad ng lesson number sa *Teachings and Doctrine of the Book of Mormon Teacher Manual* (2015) kung saan matatagpuan ang pahayag. Ikumpara ang iyong sagot sa impormasyon na nasa ibaba. Kung mayroong mahalagang punto ng doktrina mula sa rebyu na ito na hindi mo isinama sa iyong sagot, isiping baguhin ang iyong sagot bago ito isumite. Hindi mo kailangang kopyahin ang bawat salita ng impormasyong ito sa iyong sagot; tiyakin lamang na nauunawaan mo ang mga doktrinang ito at naipapahayag mo ang pang-unawang ito. Dahil ang ika-3 tanong ay nangangailangan ng mas personal na sagot, walang mga pangunahing punto para sa tanong na iyon.

1. Ano ang papel ng Aklat ni Mormon sa iyong buhay?

   Ang pangunahing mga layunin ng Aklat ni Mormon at ang papel nito sa pagpapatibay ng katotohanan:

   - “Inilabas ng Diyos ang Aklat ni Mormon sa mga huling araw para kumbinsihin ang lahat ng tao na si Jesus ang Cristo” (1).
   - “Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo” (6).
   - “Ang Biblia at ang Aklat ni Mormon ay magkasamang nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo” (7).

   Ipinangakong mga pagpapala sa mga taong nag-aaral ng Aklat ni Mormon:

   - “Ang mga turo ng Aklat ni Mormon ay napakahalaga sa atin ngayon dahil batid ng mga manunulat nito noon ang mga problemang makakaharap natin” (6).
   - “Habang pinag-aaralan natin ang Aklat ni Mormon at ipinamumuhay ang mga turo nito, pinalalakas tayo laban sa diyablo at mga maling turo at konsepto ng ating panahon” (11).

2. Ayon sa Aklat ni Mormon, paano ginawang posible ni Cristo na matamo mo ang kadakilaan?

   Isang paliwanag tungkol sa doktrina ni Cristo at mga ipinangakong pagpapala sa mga taong sumusunod dito:

   - “Sa paglapit natin kay Cristo at pagsunod sa mga kautusan, tayo ay mas nagiging katulad Niya at ng ating Ama sa Langit, at tayo ay maliligtas” (3).

- "Kapag namumuhay tayo ayon sa doktrina ni Cristo, makakamit natin ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala at tatanggap ng buhay na walang hanggan" (8).
- "Upang matanggap ang maawaing mga pagpapala ng pagpapatawad, kailangan tayong manampalataya kay Jesucristo tungo sa pagsisisi" (16).

Paano nadaig ni Cristo ang espirituwal at pisikal na mga balakid para sa bawat isa sa atin:

- "Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, nadaig ni Jesucristo ang mga epekto ng pisikal at espirituwal na kamatayan" (5).
- "Pinasan ng Tagapagligtas ang ating mga pasakit, karamdaman, at kapansanan upang matulungan Niya tayo kapag nahaharap tayo sa mga hamon ng mortalidad" (5).
- "Dahil nakalag ni Jesucristo ang mga gapos ng kamatayan, bawat isa sa atin ay mabubuhay na mag-uli at tatanggap ng imortal na katawan" (18).

# Mga Tanong sa General Elective Course

## Mga Tagubilin sa Titser



Ang Pagbutihin ang Learning Experience ay maaaring gamitin sa alinmang institute course na hindi Cornerstone course. Ito ay binubuo ng mga tanong na mahalagang gabay sa mga itinakdang babasahin at partisipasyon sa klase. Ang pag-anyaya at pagtulong sa mga estudyante na pag-aralan, ipamuhay, itala, at ibahagi ang mga alituntunin at doktrina ay makatutulong sa kanila na palakasin ang kanilang patotoo at palalimin ang kanilang pagbabalik-loob o conversion.

Sa iyong paggabay, sasagutan ng mga estudyante ang tatlo sa pitong tanong na matatagpuan sa student instruction sheet. Ang mga sagot ng estudyante ay dapat magmula sa pinag-aralan at ipinamuhay nila sa kurso. Bagama't ang ilan sa mga detalye sa pangangasiwa ng Pagbutihin ang Learning Experience ay maaaring kailanganing iakma sa klase o sa bawat estudyante, makatutulong ang sumusunod na mga hakbang para maging maganda ang karanasan ninyo ng mga estudyante mo:

1. *Maghanda:* Bago simulan ang kurso, rebyuhin ang mga tanong at planuhin kung paano pangangasiwaan ang Pagbutihin ang Learning Experience. Maaaring kabilang sa iyong paghahanda ang mga paraan para maipakilala ang mga tanong sa klase at magpaliwanag ng mga inaasahan tungkol sa Pagbutihin ang Learning Experience, tulad ng mga petsa ng pagrerebyu at pagsumite ng mga sagot ng estudyante, inaasahang haba ng mga sagot, at format para sa mga sagot. Inirerekomenda na rebyuhin mo ang bawat isa sa tatlong sagot ng estudyante sa tatlong magkakaibang petsa na pinili mo sa buong kurso.
2. *Magtakda ng malinaw na aasahan:* Sa simula ng kurso, bigyan ang mga estudyante ng kopya ng mga tanong na matatagpuan sa student instruction sheet. Magbibigay ito ng sapat na oras para pag-aralan, ipamuhay, at itala ng mga estudyante ang mga sagot nila sa mga tanong sa buong semestre. Tulungan silang maunawaan ang layunin ng Pagbutihin ang Learning Experience. Linawin sa kanila ang inaasahan mo sa kanilang mga sagot, pati na ang mga petsa ng pagrerebyu at pagsumite sa mga ito.
3. *Mag-follow up:* Sa buong kurso, palaging hikayatin at tulungan ang lahat ng estudyante sa pagsagot sa lahat ng tanong sa Pagbutihin ang Learning Experience. Maghanap ng mga paraan para maiugnay ang mga tanong sa kurikulum, o ilangkap ang mga ito sa mga class activity. Maaari mong pasagutan sa mga estudyante ang mga ito sa loob ng klase, sa labas ng klase, o sa dalawang lugar na ito.

4. *Rebyuhin at baguhin:* Para sa mga araw na nag-iskedyul ka ng rebyu, sabihin at ipaalala sa mga estudyante na dalhin sa klase ang mga sagot nila sa nakatakdang (mga) tanong. Anyayahan sila, sa kanilang pagsagot, na ipaliwanag, ibahagi, at patotohanan ang natutuhan at ipinamuhay nila mula sa kurso. Maaaring makinabang ang mga estudyante sa pagrerebyu ng ginawa ng isa't isa bilang magkakapares o sa maliliit na grupo. Maaari mong anyayahan ang mga estudyante na baguhin ang mga sagot nila kung kailangan bago nila isumite ang mga ito.

5. *Isumite:* Kukumpletuhin ng mga estudyante ang Pagbutihin ang Learning Experience sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga sagot sa lahat ng tatlong tanong ayon sa iyong mga inaasahan. *Bagama't maaari kang magbigay ng feedback tungkol sa mga sagot ng mga estudyante, hindi ito sapilitan.* Irekord ang impormasyon sa WISE Gradebook para sa mga estudyanteng nagsusumite ng kanilang mga sagot.

*Paalala:* Tiyakin na ang mga estudyanteng may partikular na mga pangangailangan, kapansanan, o problema sa kalusugan ay mabibigyan ng tulong na kailangan nila para makabahagi sa assessment na ito gaya ng mga kaklase nila. Maaaring kabilang sa mga tulong ang pagbibigay ng malalaking print o audio version ng mga materyal, pagpapahintulot sa mga estudyante na makumpleto ang sagot sa tulong ng iba, pagpayag na sabihin nila ang sagot sa halip na isulat ito, o idikta ang kanilang mga sagot sa isang tagasulat o recorder. Magpunta sa lds.org/topics/disability para makita ang pangkalahatang impormasyon sa pagtulong sa mga taong may kapansanan.

## Mga Tagubilin sa Estudyante

Ang Pagbutihin ang Learning Experience ay binubuo ng mga tanong na mahalagang gabay sa partisipasyon mo sa klase at pag-aaral mo ng mga takdang babasahin. Ang pagsagot mo sa mga tanong na ito sa buong panahon ng pagkuha mo ng kurso na pinag-aaralan, ipinamumuhay, itinatala, at ibinabahagi ang mga alituntunin at doktrina ay magpapalakas sa iyong patotoo at magpapalalim ng iyong pagbabalik-loob o conversion sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Batay sa doktrina, mga alituntunin, at impormasyon na pinag-aralan at ipinamuhay mo sa kursong ito, sagutan ang TATLO sa pitong tanong na ito. (Ang inyong titser ay maaaring magbigay ng partikular na mga tanong.) Isaisip ang mga mungkahi sa ibaba sa bahaging may pamagat na "Sagot" habang iniisip mo ang isasagot mo. Maghandang ibahagi ang napag-aralan at ipinamuhay mo sa pamamagitan ng pagdadala ng mga sagot mo sa klase sa mga araw ng rebyu na itinakda ng inyong titser.

## Mga Tanong

1. Paano mo higit na nakilala ang iyong Ama sa Langit?

2. Ano ang nakatulong sa iyo para lalo mong maunawaan at asahan si Jesucristo at ang Kanyang Pagbabayad-sala?

3. Paano lumago ang iyong patotoo tungkol sa Panunumbalik ng ebanghelyo?

4. Ano ang nakatulong para lalo kang maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng templo?
5. Aling mga katotohanan mula sa kursong ito ang nagpala sa buhay mo?
6. Paano mo napalakas ang patotoo mo tungkol sa __________? (Ibibigay ng titser ang alituntunin o doktrina para sa tanong na ito.)
7. Paano bumuti ang buhay mo dahil sa napalalim mo ang iyong pang-unawa sa __________? (Pumili ng ISA sa sumusunod na mga paksa ng doktrina.)
    - Ang Panguluhang Diyos
    - Ang Plano ng Kaligtasan
    - Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo
    - Ang Panunumbalik
    - Mga Propeta at Paghahayag
    - Ang Priesthood at mga Susi ng Priesthood
    - Mga Ordenansa at mga Tipan
    - Pag-aasawa at Pamilya
    - Mga Kautusan


## Sagot

Isiping isama ang sumusunod sa bawat sagot:

- *Tumukoy ng isang doktrina* na naging mas makahulugan sa iyo sa iyong pakikibahagi sa kursong ito.
- *Ipaliwanag ang doktrina* gamit ang sarili mong mga salita, mga talata sa banal na kasulatan, o mga salita ng mga buhay na propeta.
- *Magbahagi ng isang karanasan* kung saan nadama mo kamakailan ang kapangyarihan ng doktrina sa buhay mo.
- *Ibahagi* kung paano napalalim ng karanasan mo ang paniniwala mo sa ebanghelyo ni Cristo.


*Paalala:* Kung may partikular kang pangangailangan, kapansanan, o problema sa kalusugan, kausapin ang titser mo para matulungan ka niyang makumpleto ang karanasang ito.

# Course Study Journal




Mag-ingat ng course study journal kung saan regular mong isusulat ang natutuhan mo, kung paano mo ito ipinamumuhay, at paano nito pinatatag ang iyong pananampalataya kay Jesucristo. Tutulungan ka nitong mapag-isipan at makilala ang maraming pagpapalang natanggap mo mula sa Diyos. Ang journal ay maaaring pagmulan din ng inspirasyon at lakas. Kapag malapit nang matapos ang kurso, ikaw ay magrereport sa iyong titser na regular kang nag-iingat ng course study journal at kung paano napalakas ng iyong karanasan ang iyong pananampalataya kay Jesucristo.

Itinuro ni Elder Richard G. Scott (1928–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol:



"Isulat sa isang ligtas na lugar ang mahahalagang bagay na natututuhan mo mula sa Espiritu. Matutuklasan mo na sa pagsusulat mo ng mahahalagang impresyon, kadalasan ay mas marami pang darating na impresyon. At, ang kaalamang natatamo mo ay magagamit mo habambuhay" (Richard G. Scott, "To Acquire Knowledge and the Strength to Use It Wisely," *Ensign,* Hunyo 2002, 32).

Nagsalita din si Pangulong Henry B. Eyring ng Unang Panguluhan tungkol sa kahalagahan ng pagtatala ng mga espirituwal na impresyon:



"Gabi na akong nakauwi [noon] mula sa isang tungkulin sa Simbahan. …

"… Paglapit ko sa pintuan, narinig ko sa aking isipan … Hindi para sa iyo ang mga ipinararanas ko sa iyo. Isulat mo ang mga ito.'


"… At nang gawin ko ito, naunawaan ko ang mensaheng narinig ko sa aking isipan. Dapat akong magsulat para mabasa ng aking mga anak, balang-araw, kung paano ko nakita ang kamay ng Diyos na nagpapala sa aming pamilya. …

"Ilang taon akong sumulat ng ilang linya araw-araw. … Bago ako sumulat, pinag-iisipan ko ang tanong na ito: 'Nakita ko ba ang kamay ng Diyos na nakaunat para tulungan kami o ang aming mga anak o pamilya sa araw na ito?' Habang patuloy ko itong ginagawa, may nagsimulang mangyari. …

"Higit pa sa pasasalamat ang aking nadama. Lumakas ang patotoo ko. Lalo kong natiyak na nakikinig at sumasagot ang ating Ama sa Langit sa mga dalangin. Lalo akong nagpasalamat sa paglambot at pagdalisay ng puso ng tao dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na si Jesucristo. At lalo akong nagtiwala na ipaaalala ng Espiritu Santo ang lahat ng bagay—maging ang mga bagay na hindi natin napansin o pinansin nang mangyari ang mga ito" (Henry B. Eyring, "O Tandaan, Tandaan," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2007, 66–67).

Para sa dagdag na impormasyon, tingnan din sa 1 Nephi 1:1–3; 6:3–6; Alma 37:8–9;
3 Nephi 23:6–13; Moises 6:5, 45-46.

# Mga Gabay sa Personal na Proyekto sa Pagkatuto



Magmungkahi at magsagawa ng isang personal na proyekto sa pagkatuto, na inaprubahan ng iyong titser, kung saan mapapalalim mo ang iyong pagkaunawa sa mga nilalaman ng kurso, maipamumuhay mo ang mga doktrina at mga alituntunin sa kurso, at mapapalakas mo ang iyong pananampalataya kay Jesucristo. Maaaring kabilang sa mga personal na proyekto sa pagkatuto ang:

- Pag-aaral ng isang paksa ng ebanghelyo mula sa kurso na interesado ka.
- Pagtukoy ng isang sitwasyon sa tunay na buhay at pagsasabuhay ng mga nilalaman ng kurso sa isang case study.
- Paglikha ng mga sanggunian (hal., social media, graphic art, musika, at iba pa) na batay sa nilalaman ng kurso na may halaga para sa iba.

Ilang halimbawa lamang ang mga ito ng maaari mong gawin. Upang makumpleto ang mga hinihiling ng kurso, ang proyekto ay dapat:

- Inaprubahan ng iyong titser.
- May kaugnayan sa mga nilalaman ng kurso at may kasamang personal na pagsasabuhay.
- Mayroong report tungkol sa ginawa mo at ang kahalagahan nito sa iyo at sa ibang tao.

Mapanalanging pag-isipan ang isang proyektong magiging makabuluhan sa iyo. Para sa mga ideya tungkol sa proyekto, maaari kang makipagtalakayan sa iyong mga kaklase, titser, kapamilya, o priesthood leader. Kung may tanong ka tungkol sa kaangkupan ng isang proyekto, kausapin ang iyong titser.

# Pagtugon sa mga Pangangailangan ng mga Estudyanteng may Kapansanan



Ang layunin ng mga pag-aangkop na ginagawa sa Pagbutihin ang Learning Experience (PLE) ay upang tugunan ang pangangailangan ng mga estudyante na may partikular na pangangailangan, kapansanan, o problema sa kalusugan na makibahagi sa mga PLE na tulad ng iba pang mga estudyante. Dapat gumawa ng mga akmang pag-aangkop ang mga titser upang matugunan ang mga partikular na pangangailangan, kapansanan, at problema sa kalusugan ng kanilang mga estudyante. Narito ang mga gabay na dapat pag-isipan habang tinutugunan ang pangangailangan ng iyong mga estudyante:

- Tukuyin ang mga estudyante na may partikular na pangangailangan o kapansanan. Kausapin nang sarilinan ang bawat estudyante upang matukoy ang kanyang partikular na (mga) pangangailangan. Makinig na mabuti, at maging positibo.
- Makipagtulungan sa mga magulang at mga lider ng Simbahan para makagawa ng plano na angkop na tutugon sa partikular na (mga) pangangailangan ng estudyante. Bagaman maaaring ipauwi sa estudyante ang PLE, dapat alam mo ang pasaning ibibigay nito sa mga magulang. Gawin ang lahat sa abot ng iyong makakaya para malaman ang pinakaepektibong opsiyon para sa mga estudyante at magulang.
- Ipatupad ang mga pagtugon sa pangangailangan. Ang pagtugon sa indibiduwal na pangangailangan ay dapat panatilihing kumpidensyal. Imposibleng mailista ang lahat ng posibleng gagawing pagtugon; gayunman, narito ang mga halimbawa ng posibleng pagtugon sa pangangailangan:
    - Presentasyon: *Bigyan ang estudyante ng audio version ng PLE, ibigay ang mga tagubilin at PLE nang binibigkas, o bigyan ang estudyante ng large-print version ng PLE.*
    - *Pagsagot:* Hayaang sagutin ng estudyante ang PLE nang pabigkas, o payagang idikta sa isang tagasulat o recorder ang mga sagot.
- Iwasang gumawa ng mga pag-aangkop na magpapabago o magbabawas ng inaasahan sa pag-aaral ng estudyante.

- Mahalin ang bawat estudyante na tulad ng pagmamahal ni Cristo, at sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu sa pagtugon mo sa mga pangangailangan ng mga estudyante.
- Bisitahin ang lds.org/topics/disability para sa mas pangkalahatang impormasyon tungkol sa pagtulong sa mga taong may mga kapansanan.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02147 33893 8
14733 893